

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Engkanto ng Endor

1 Samuel 28:3-25

Ang Kasaysayan...

Si Haring Saul ay dumating na sa wakas ng kanyang katinuan at nanginginig sa matinding takot. Ang buong hukbo ng mga Filisteo ay handa nang sumalakay sa kaunti at mahihinang mga kawal ng Israel. “Kung naririto lamang si propeta Samuel ay sasabihin niya sa akin kung ano ang aking gagawin.” Ang himutok niya, ngunit ang dakilang propeta ay ilang taon nang pumanaw.

Ang matandang hari ay nagsikap na makasumpong ng payo at patnubay sa mga ibang propeta o saserdote, ngunit ang Panginoon ay ayaw magsalita sa kanya. Sa kanyang kabataan, si Saul ay naging malapit sa Dias. Ngunit nang siya ay lumukiuk na sa trono, siya ay naging

malupit at naghimagsik laban sa Salita ng Dios. Minsan ay ipinapatay niya ang isang nayon ng mga saserdote, at nagpatuloy na hindi nakinig sa Panginoon, at ngayon sa kanyang kapighatian, ang Dios ay hindi tumutugon sa kanya.

“Nang magkagayo’y sinabi ni Saul sa kanyang mga linkod, lhanap ninyo ako ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, upang ako’y pumaroon sa kanya at magusisa sa kanya.” I Samuel 28:7. Maliwanag na iniutos ng Dios sa Kanyang bayan na kailanman ay huwag babalik sa mangkukulam o babaeng inaalihan ng masamang espiritu (Leviticus 19:31; 20:27), ngunit hindi pinahalagahan ni Saul ang tagubilin ng Dios.

Nang makasumpong ng babae sa Endor na nagaangking nakikipag-usap sa patay, nagbalatkayo ang hari at naparoon sa kanya. “Ipakita mo sa akin si Samuel.” Ang utos ng hari sa mangkukulam. Ginawa ng babae ang kanyang mga seremonya hanggang lumitaw ang isang anyo na nag-aangking si Samuel ang propeta, na nagbigay



9 ng nakapanlulumong balita ng kawalang pag-asa, na sinasabing si Saul at ang tatlong mga anak nito ay mamamatay sa labanan kinabukasan.

Nang sumunod na araw ang mga anak ni Saul ay napatay ng mga Filisteo, at pagkatapos ang sugatan at nanlulumong hari ay nagpakamatay sa pamamagitan ng sarili niyang tabak (I Samuel 31:2-4).

Sino ang nagsalita kay Samuel sa pamamagitan ng mangkukulam—nabuhay na propeta ng Dios, o diablo na nakabalatkayo?

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Ang anyo bang nakita ni Saul ay tunay na si propeta Samuel?

Apokalipsis 22:22 *At kanyang sinabi, Ako'y lalabas at magiging _____ sa bibig ng lahat niyang propeta.*

Apokalipsis 16:14 *Sapagkat sila'y mga _____ ng mga _____ na nagsisigawa ng mga tanda.*

2. Ang patay ba ay nakababalik upang kausapin o takutin ang buhay?

Job 14:21 *Ang kanyang mga anak ay nagtataglay ng karangalan, at _____ niya _____; At sila'y ibinababa, ngunit hindi niya nahahalata sila.*

Eclesiastes 9:5, 6, 10. _____ nalalaman ng mga patay ang anumang bagay ni mayroon pa man silang kagantihan; sapagkat ang alaala sa kanila ay nalimutan. Maging ang kanilang _____, gaya ng kanilang _____ at ang kanilang pananaghili ay nawala ngayon; na wala man silang anumang bahagi pa magpakailan sa anumang bagay na nagagawa sa ilalaim ng araw (sa buhay na ito) ... sapagkat walang gawa, ni katha man, ni _____ man, ni karunungan man sa Sheol.

PALIWANAG: Ang Biblia ay maliwanag. Ang patay ay walang magagawa at walang nalalaman sa mga nangyayari sa lupa.

Awit 115:17 Ang patay ay hindi nagpupuri sa Panginoon.

Awit 6:5 Sa kamatayan ay walang alaala sa iyo.

Job 7:10 Hindi na siya magbabalik sa kanyang tahanan.

Isaias 38:18 Hindi ka ipagdiriwang ng kamatayan.

Awit 146:4 Ang kanyang pagiisip ay nawawala.

3. Sang-ayon sa Apokalipsis, sino ang may susi ng kamatayan?

Apokalipsis 1:18 *Ako ang _____ at Ako'y _____ at narito ako'y nabubuhay magpakailan man ... at nasa akin ang mga susi ng kamatayan.*

PALIWANAG: Ang Biblia ay maliwanag. Tanging si Jesus ang may mga susi ng kamatayan. Kailangan tayong magtungo sa Kanyang Salita para sa mga tugon sa ating mga katanungan ukol sa kamatayan.

4. Paanong ginawa ng Dios ang tao sa pasimula?

Genesis 2:7 *At nilalang ng Panginoong Dios ang tao sa _____ ng lupa, _____ ang kanyang mga butas ng ilong ng hininga ng _____; ang tao ay naging kaluluwang may buhay.*

PALIWANAG: Dalawang bagay ang naganap sa panahon ng Paglalang: (1) Inanyuan ng Dios ang tao mula sa alabok, o lupa, at (2) Hiningahan ng Dios ang butas ng ilong hininga ng buhay. At ang tao ay naging buhay na kaluluwa.

5. Sa kamatayan, ano ang nangyayari?

Eclesiastes 12:7 *At ang _____ ay mauuwi sa lupa gaya ng una, at ang _____ ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kanya.*



PALIWANAG: Ang nangyayari sa panahon ng kamatayan ay salungat sa kung ano ang nangyari sa panahon ng Paglalang. Ang katawan ay nagbabalik sa alikabok at ang espiritu, o hininga, ay nagbabalik sa Dios na nagbigay nito. Ang Biblia ay maliwanag na itinuturo na ang “espiritu” na nagbabalik sa Dios ay ang hininga ng buhay, na inihinga ng Dios sa tao sa pasimula (Santiago 2:26). Ang Awit 104:29, 30 ay nagsasabi, “Iyong inaalís ang kanilang hininga, sila’y nangamamatay, At nagsisibalik sa kanilang pagkaalabok, Iyong sinusugo ang iyong Espiritu, sila’y nangalalang.”

6. Saan nagtutungo ang patay?

Job 21:32 *Gayon ma’y dadalhin siya sa _____, at mananatili roon.*

Juan 5:28, 29 *Na ang lahat ng _____ ay mangakaririnig ng kanyang tinig.*

PALIWANAG: Ang patay, maging matuwid at di-matuwid ay nangasa kanilang libingan at maririnig ang tinig ng Panginoon.

7. Sinasabi ng Biblia na si Haring David ay ligtas. Siya ba ay nasa langit ngayon?

Mga Gawa 2:29 *Mga kapatid, malayang masasabi ko sa inyo ang tungkol sa patriarkang si David na siya ay _____ at _____, at nasa atin ang kanyang libingan hanggang sa araw na ito.*

Mga Gawa 2:34 *Sapagkat si David ay _____ sa langit.*

PALIWANAG: Ipinahayag ni Pedro na si David ay patay at inilibing— hindi buhay sa langit. Bukod dito ipinaliliwanag ng Sa Mga Hebreo 11:32-40 na ang mga tapat sa lahat ng panahon ay hindi pa nagagantimpalaan, kundi samasamang tatanggap ng gantimpala (talatang 39, 40).

8. Ngunit hindi ba totoo na ang kaluluwa ay walang kamatayan at ang katawan lang ang namamatay?

Ezekiel 18:4 *Ang _____ na nagkakasala ay _____.*

Job 4:17 *Magiging ganap pa ba ang taong may _____ kaysa Dios?*

I Timoteo 6:15, 16 *Ang Hari ng mga hari, at _____ ng mga panginoon; na Siya _____ ang walang kamatayan.*

PALIWANAG: Tayo ay mga kaluluwa at ang kaluluwa ay namamatay. Ang tao ay mortal (may kamatayan) at ang Dios ay imortal (walang kamatayan). Ang aral na malawakang pinaniniwalaan ay hindi namamatay ang kaluluwa. Ito ay hindi masusumpungan sa Biblia. Ang turong ito ay likha lamang ng tao.

9. Kailan pagkakalooban ng buhay na walang hanggan ang mga matuwid?

I Korinto 15:51-53 *Tayong lahat ay _____, Sa isang sandali, sa isang kisp-mata, sa huling _____ sapagkat tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay _____ na walang kasiraan ... at ang may kamatayan ay magbibihis ng walang kamatayan.*

I Tesalonika 4:16 *Sapagkat ang Panginoon din naman ang bababa mula sa langit na may isang sigaw, na may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios at ang _____ kay Krisito ay unang _____ na maguli.*



PALIWANAG: Ang mga matuwid ay tatanggap ng buhay na walang hanggan sa pagkabuhay na maguli. Ang mga liko ay hindi tatanggap nito.

10. Paanong paulit-ulit na binabanggit ng Biblia ang kamatayan?

Juan 11: 11, 14 *Si Lazaro na ating kaibigan ay _____ ... Si Lazaro ay _____*

Mateo 27:52 *At nangabuksan ang mga libingan; at maraming katawan ng mga banal na _____ ay _____.*

2 Samuel 7:12 *... At ikaw ay _____ na kasama ng iyong mga magulang.*

1 Tesalonika 4:14 *... Ay gayon din naman ang _____ kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya.*

PALIWANAG: Madalas na binabanggit ng Biblia na ang kamatayan ay pagtulog. Ang kamatayan ay isang kalagayan ng lubos na kawalang malay, na sa panahong yaon ang labinlimang minuto o libong taon ay pareho. Ang mga patay ay “nangatutulog” sa kanilang libingan hanggang sa pagkabuhay na mag-uli, na ang lahat ay muling mabubuhay. Ang paniniwala na ang espiritu ng patay ay tulad sa mga anghel ng langit, o kaya ay tulad sa mga matuwid na kaluluwa na maaaring makita o makausap kaya ay walang batayan sa Kasulatan.

11. Sapagkat ang mga mangkukulam, mga engkantador at mga “psychics” ay hindi maaaring kausapin ang patay, sino ang kanilang nakakausap?

Apokalipsis 16:14 *Sapagkat sila’y mga espiritu ng demonyo, na nagsisigawa ng mga _____.*

PALIWANAG: Ang mga anghel ng langit ay tinatawag na mga “espiritung tagapaglingkod” (Sa Mga Hebreo 1:14) na tumutulong sa mga tao sa lupa. Ang mga anghel na itinapon mula sa langit na kasama ni Satanas (Apokalipsis 12:7-9) ay mga espiritu rin—masasamang espiritu na dumadaya sa mga tao sa pamamagitan ng paggawa ng mga himala. (Apok. 16:13, 14). Gumagamit sila “nang may buong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan (2 Tesalonika 2:9), anupat “nakapagpapababa ng apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao” (Apok. 13:13). Kapag ang mga “psychics” ay nakikipagusap sa espiritu ng patay, ang totoo ang kausap nila ay ang mga bumagsak na anghel ni Satanas (Isaias 8:19, 20).

12. Bakit nais ni Satanas na tayo ay maniwala na ang mga espiritu ng patay ay buhay?

Mateo 24:24, 25 *Sapagkat may magsisilitaw na mga bulaang Kristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga _____ at mga kababalaghan; anupat _____ kung kung maaari _____ Narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo.*

PALIWANAG: Ang unang kasinungalingan ni Satanas sa tao ay “hindi kayo mamatay,” Genesis 3:4. Nais niya na ang mga tao ay maniwala na ang mga espiritu ng patay ay buhay upang ang kanyang mga anghel ay maganyong mga banal, mga propeta, at matutuwid na mga lider na nangamatay na at makapaganyong anghel ng kaliwanagan 2 Korinto 11:13-15). Sa ganito ay madadaya ang maraming mga tao. Ang paggamit sa mga masasamang espiritu ay tinatawag na “espiritismo.” Nakabatay ito sa may dalawang bahaging paniniwala: (1) ang mga patay ay buhay, at (2) maari nila kayong kausapin o makakausap ninyo sila. Ito ang isa sa mga pinakamasang aral ni Satanas. Gayon man halos ang buong sanlibutan ay pinaniniwalaan ito. Ang engkanto ng Endor ay hindi tinawag si Samuel, kundi nakita niya ang isang masamang anghel na naganyong si Samuel.



13. Gaano kabisa ang ganitong paggamit ng masamang anghel ni Satanang sa mga huling araw?

Apok. 18:23 ... *Sapagkat* _____ *ng iyong* _____ *ang bansa.*

Apok. 18:2 ... *Naguhog ang dakilang Babilonya ... at nagging tahanan ng mga demonyo, at kulungan ng bawat* _____

Apok. 12:9 ... *Ang matandang ahas, na tinatawag na Diablo at Satanang ang dumadaya sa* _____ *sanlibutan.*

PALIWANAG: Sa mga himala sa pamamagitan ng kanyang mga anghel ay dadayain ni Satanang halos ang buong sanlibutan.

14. Ano naman ang pagtingin ng Dios sa mga himalang ito ng masasamang anghel?

Levitico 20:27 *Ang isang lalaki rin naman o babae ... na* _____ *ay walang pagsalang* _____

I Timoteo 4:1 *Ang iba'y* _____ *sa* _____, *at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat, at sa mga aral ng mga demonyo.*

Efeso 5:11 *At huwag kayong makibahagi sa mga* _____ *na gawa ng* _____.

Galacia 5:19-21 *At hayag ang gawa ng laman, samakatuwid ay mga ito: pakikipid, karumihan, kalibutan, Pagsamba sa dios-diosan* _____, *pagkakaalitan, mga pakakampikampi, mga pagkakababababagi, , mga hidwang pananampalataya, Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito.*

Apok. 21:8. *At sa mga manggagaway ... ang kanilang bahagi ay sa* _____ *na nagniningas na* _____ *at asupre: na siyang ikalawang kamatayan.*

PALIWANAG: Sa panahon ni Moises, iniutos ng Dios na ang lahat ng mga “psychics” ay ipapatay. Ngayon ay sinasabi Niya na ang panggagaway ay gawa ng laman, na ang gumagawa nito ay lilipulin. Nagbabala Siya na kapag gumagawa ka ng mga bagay na ito ay tumatalikod ka sa pananampalataya, at sinasabi Niya na ang lahat ng mga manggagaway ay mamamatay sa dagat-dagatang apoy na siyang ikalawang kamatayan.

15. Anong maluwalhating kapangyarihan ang iniaalok ng Dios sa kanyang bayan?

Filipos 3:10 *Upang makilala ko Siya, at ang kapangyairhan ng Kanyang* _____.

PALIWANAG: Iniaalok ni Jesus sa atin ang gayon ding kapangyarihan na mabuhay ng matuwid na siyang nagbangon sa Kanya mula sa mga patay. Kahangahanga! Papaano tayong mabibigo na may ganitong di-kapanipaniwalang kapangyarihang ipinagkaloob sa atin nang walang bayad? Sapagkat mahal Niya tayo, binalaan tayo ng Panginoon na lumayo sa kapangyarihan at himala ng mga masasamang anghel at iniaalok niya sa atin ang mga banal na himala na kailangan upang tayo ay mahanda sa Kanyang kaharian (Filipos 1:6).

Magpapasya ka na ba ngayon na tanggapin ang panukala ng Panginoon na iligtas ka o kaya'y muling baguhin ang kapasyahang yaon?

Ang Iyong Tugon

Batid mo na ang Dios ang siyang may lubos na kapamahalaan sa mga kaganapan sa lupa, kusang-loob mo bang ipinauubaya sa Kanya ang lubos na pangangasiwa ng iyong buhay?

TUGON _____.

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ang Magnanakaw sa Krus

Ipinangako ba ni Jesus ang karakarakang pag-akyat sa langit sa magnanakaw sa krus nang Kanyang sabihing “Ngayon ay kakasamahin kita sa paraiso”? Ang kahulugan ng mga pangungusap sa Lukas 23:43 ay pinapasyahan ng isang tugon mula sa Biblia sa isang mahalagang tanong: Si Jesus ba mismo ay umakyat sa langit ng araw na yaon?

Hindi! ayon sa Kasulatan. Nang araw na Siya ay mabuhay, at nakita niya si Maria sa halamanan, ang Kanyang mga salita ay: “Huwag mo Akong hipuin sapagkat hindi pa Ako nakakaakyat sa Ama.” Juan 20:17. Hindi Siya maaaring magtungo sa paraiso nang Biyernes kung hindi pa siya nakakaakyat sa Ama noong Linggo.

Bakit sinabi ng Panginoon, “Ngayon ay kakasamahin kita sa paraiso?” Ang suliranin ay mawawala kapag isinaalangalang natin na ang orihinal na kasulatang Griego ay walang mga kuwit o tuldok man. Ang mga ito ay inilagay lamang ng mga tagapagsalin ng mga Kasulatan sa lugar na inaakala nilang nararapat. At sa paniwalaan man o hindi, ang isang kuwit lamang ay maaaring baguhin ang kahulugan ng isang pangungusap. Ang pangungusap ng Panginoon sa Lukas 23:43 ay dapat basahin nang ganito: “Sinasabi ko sa iyo ngayon, kakasamahin kita sa paraiso.” Ito ang tunay na sinasabi ng Panginoon. Ngayon, nang ang lahat ay tila walang pag-asa; ngayong tila hindi ako isang Panginoon o Hari, at pagkatapos na ang aking mga alagad ay nagsitakas; ngayong kahit na nakapako sa krus ang Aking mga kamay, maililigtas pa rin kita.

Ano ang Kahulugan ng mga Salitang "Espiritu" at "Hininga" sa Biblia?

Ang Job 27:3 ay nagtuturo na ang “espiritu” at “hininga” ng tao ay iisa. Dagdag niya, na ang hininga at espiritung ito ay nasa mga butas ng kanyang ilong. Alalahanin natin na inilagay ng Dios ang “hininga” sa butas ng ilong ni Adan sa panahon ng Paglikha (Genesis 2:7). Ang espiritung nagbabalik sa Dios pagkamatay ng tao ay ang hininga ng buhay—hindi isang walang katawang kaluluwa. Kailan man ay walang sinasabi ang Kasulatan na ang isang walang katawang kaluluwa ay nagbabalik sa Dios kapag namatay ang tao.

Saan Nagtutungo ang "Kaluluwa" Kapag Namatay ang Tao?

Sa Paglalang, dalawang bagay ang nalalakip upang magkaroon ng kaluluwa—katawan at hininga. Kung wala ang dalawang bagay na ito ay walang kaluluwa. Sa kamatayan ang dalawang ito ay naghihiwalay. Ang katawan ay nagbabalik sa lupa, at ang hininga ay nagbabalik sa Dios. Ang kaluluwa ay hindi nagtutungo saan man. Ito ay lubusang nawawala.

